



Ang **Philippine Deposit Insurance Corporation** (PDIC) ay isang *government instrumentality* na itinatag ng Kongreso sa pamamagitan ng Republic Act No. 3591 noong ika-22 ng Hunyo 1963 para protektahan ang mga depositor at isulong ang katatagang pinansyal ng bansa.

Ang PDIC ang *state deposit insurer*. Nagbibigay ito ng proteksyon sa mga depositor sa pamamagitan ng *deposit insurance* para sa lahat ng *insured deposits* sa mga bangko sa Pilipinas.

Ang *deposit insurance*, na suportado ng *Deposit Insurance Fund* ng PDIC, ay nagbibigay-kumpiyansa sa mga depositor na ideposito sa bangko ang kanilang pinaghirapang ipon.

Paalala:

Hindi layunin ng brochure na ito na palitan ang mga aktwal na nasusulat sa PDIC Charter at iba pang mga naaangkop na batas. Sakaling may pagsalungat, mananaig ang nakasaad sa batas.



Philippine Deposit Insurance Corporation
PDIC Chino Bldg., 2228 Chino Roces Avenue
Makati City 1231

Hotline: (02) 8841-4141 (Para sa mga tawag mula sa Metro Manila)

Toll-free: 1-800-1-888-PDIC or 1-800-1-888-7342
(Para sa mga tawag mula sa labas ng Metro Manila)

Website: www.pdic.gov.ph
Facebook: www.facebook.com/OfficialPDIC
X (dating Twitter): [@OfficialPDIC](https://twitter.com/OfficialPDIC)
YouTube: www.youtube.com/@PDICOfficial



© 2023

Unawain ang Deposit Insurance

Ang Iyong Kumpiyansa na
Mag-impok sa Bangko



ANO ANG DEPOSIT INSURANCE?

Sakaling magsara ang bangko, ito ang pananagutan ng pamahalaan na nagbibigay-proteksyon sa ipon ng depositor sa isang *insured* na bangko hanggang sa garantiyang halaga. Ang *maximum deposit insurance coverage (MDIC)* ay ₱500,000 kada depositor, kada bangko.

Ang *single* at *joint accounts* ay *insured* nang hiwalay. Ibig sabihin, lahat ng *single account* mo sa isang bangko ay *insured* hanggang ₱500,000. Kung may mga *joint account* ka sa parehong bangko, ang *total share* mo sa bahaging *insured* sa mga *joint account* na ito ay hanggang ₱500,000 din.

Para sa pagkalkula ng *deposit insurance*, ang balanse ng *deposit account* na inimpok sa bangko sa parehong karapatan at kapasidad para sa benepisyo ng depositor, ito man ay nasa kanyang pangalan o nasa pangalan ng iba, ay pinagsasama-sama at hindi maaaring humigit sa MDIC.

SAKOP NG PROTEKSYON NG PDIC

Insured ng PDIC ang lahat ng *valid deposit account* sa mga bangko na lisensyado ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) na mag-*operate* sa bansa, mapa-*single* o *joint account* man, *personal* o *business* man, pagmamay-ari man o pinamamahalaan para sa iba, nasa Philippine peso man o iba pang *currency* na kasama sa *international reserves* ng BSP. Ang mga sumusunod na uri ng *deposit account* ay *insured* ng PDIC:

- 1. Savings
- 2. Special Savings
- 3. Demand/Checking
- 4. Negotiable Order of Withdrawal (NOW)
- 5. Time Deposits

Pinahihintulutan ng R.A. 11840, na nag-amyenda ng PDIC Charter noong 2022, ang pagkakaroon ng hiwalay na *deposit insurance* o “takaful” para sa mga produkto o *arrangement* ng *Islamic Banks* na itinuturing ng BSP na deposito.

MGA HINDI KASAMA SA PROTEKSYON NG PDIC

Ang mga sumusunod ay hindi sakop ng PDIC *deposit insurance*, kahit na ang mga ito ay nasusulat, naka-*record*, at naka-*book* bilang *deposit* ng bangko (*Section 5 (g) ng PDIC Charter*):

- 1. *Investment products* gaya ng *bonds* at *securities*, *trust accounts* at iba pang katulad na instrumento
- 2. Mga *deposit account* o transaksyon na:
 - a. Walang pondo, gawa-gawa lang o mapanlinlang, ayon sa pagtukoy ng PDIC
 - b. Kasangkot sa *unsafe and unsound banking practice/s* ayon sa pagtukoy ng PDIC, at pagsangguni sa BSP, matapos ang *due notice*, *hearing* at *publication* ng direktiba para sa *cease and desist* mula sa BSP laban sa mga *deposit account* o transaksyon na itinuturing na *unsafe and unsound banking practice/s*
 - c. Natukoy na mula sa mga ilegal na gawain ayon sa *Anti-Money Laundering Act (Republic Act 9160, as amended)*

INSURED DEPOSITOR

Maliban sa mga *account* na binuksan at pinamahalaan para sa ibang tao, ang nakasaad sa *account name* ang siyang may-ari ng *account* at itinuturing na *insured depositor*.

Ang nagmamay-ari ng *account* para sa *By, In-Trust-For (ITF)*, at *For-the-Account-Of (FAO) accounts* ang mga *insured depositor*.

ACCOUNT	BENEFICIAL OWNER/INSURED DEPOSITOR
Juan Cruz BY Pedro Cruz	Juan Cruz
Juan Cruz In Trust for (ITF) Maria Cruz	Maria Cruz
Juan Cruz For the Account Of (FAO) Maria Cruz	Maria Cruz
Maria Cruz and/or Juan Cruz ITF Pedro Cruz	Pedro Cruz

PAGKALKULA NG INSURED DEPOSITS

Single Accounts

Para makalkula ang *insured deposit* para sa mga *single account*, kailangan lamang pagsama-samahin ang halaga ng mga *account* na nasa pangalan ng iisang depositor. Kahit na ilan ang *single account* na pagmamay-ari ng isang depositor sa isang bangko, *insured* ito ng PDIC hanggang ₱500,000 kada depositor, kada bangko.

Mga Halimbawa:

DEPOSIT ACCOUNT (IN PHIL. PESO)	JUAN CRUZ	MARIA CRUZ	PEDRO CRUZ
Account #1 – Time Deposit	100,000	100,000	100,000
Account #2 – Savings Account	100,000	300,000	100,000
Account #3 – Special Savings Account	100,000	300,000	-
Account #4 – Checking Account	90,000	-	-
Account #5 – Savings Account	100,000	-	-
Total Deposits	490,000	700,000	200,000
Insured Deposits	490,000	500,000	200,000
Uninsured Deposits	0	200,000	0

Para sa Joint Accounts

Ang bawat *joint account* ay *insured* hanggang ₱500,000. Ang halagang ito ay hahatiin nang pantay base sa dami ng may-ari ng *joint account*, maliban na lang kung may ibang *sharing agreement* na nakasaad sa *records* ng bangko. Ang kabuuang bahagi ng isang depositor sa kanyang mga *co-owned accounts* sa isang bangko ay hindi hihigit sa MDIC na ₱500,000.

Kung ang *joint account* ay pagmamay-ari ng isang indibidwal na tao at isang *juridical entity*, ang nasabing *entity* ang ituturing na tanging may-ari ng *account* at dahil dito, ito ay ituturing na isang *single account*.

Mga Halimbawa:

	OUTSTANDING BALANCE	INSURED AMOUNT	SHARE IN THE INSURED AMOUNT (PHIL. PESO)		
			JUAN	MARIA	PEDRO
Juan Cruz and/or Maria Cruz	150,000	150,000	75,000	75,000	NA
Juan Cruz & Maria Cruz & Pedro Cruz	700,000	500,000	166,667	166,667	166,667
Maria Cruz & Pedro Cruz	200,000	200,000	NA	100,000	100,000
Juan Cruz & Pedro Cruz	600,000	500,000	250,000	NA	250,000
Total Share in the Insured Deposits			491,667	341,667	516,667
Total Insured Deposits			491,667	341,667	500,000

Paalala: Para sa mga depositor na may utang na *past due* na sa ipinasarang bangko, ang pambayad sa nasabing utang ay awtomatikong ibabawas sa kanilang *insured deposit*.

ANG PDIC DEPOSIT INSURANCE e-CALCULATOR

Ang *Deposit Insurance e-Calculator* ng PDIC ay makakatulong na ikalkula ang iyong *deposit insurance*. Para gamitin ito, puntahan ang bit.ly/PDICECalculator.

